# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Baitang 4-FILIPINO

---


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**


## UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 4


**MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM**

**Development Team:**

Writers: **NEMUEL M. ESTILLES**
**ROWENA D. CASTILLO**
**CRISTINA F. LAYDA**
**CRISTINA V. MALTO**

Layout Artist: **JOHN JESSON S. MONSERATE**
Content Editor: **MARIA FE C. BALABA**
Language Editor: **MARIA FE C. BALABA**

Management Team:
**MALCOLM S. GARMA,** Regional Director
**CARLEEN S. SEDILLA,** OIC-Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS,** CLMD Chief
**JAY F. MACASIEB,** OIC-ASDS/OIC-Chief ES, CID
**MA. GLORIA G. TAMAYO,** Regional EPS, Filipino
**MARIA FE C. BALABA,** Division EPS, Filipino
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**NEIL VINCENT C. SANDOVAL,** Division LR Supervisor
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian


---


**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Aralin 1 — Mga Simpleng Resipi at Patalastas, Isulat Mo


## Inaasahan

*Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:*

- Nakasusulat ng simpleng resipi at patalastas. **(F4PU-IIIa-2.4)**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Inatasan kayo ng inyong guro na magluto ng paboritong pagkain, ulam o putahe. Paano mo ilalahad ang mga hakbang sa pagluluto? Balangkasin ang proseso sa grapiko. Isulat sa kahon sa ibaba ang nabuong resipi.




**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Balik-tanaw





**Pagnilayan….**

Ano ang pangungusap?
Ano ang dalawang bahagi ng pangungusap?
Bakit mahalagang makilala natin ang mga bahagi ng pangungusap?
Paano makatutulong ang kasanayan sa pagkilala ng mga bahagi ng pangungusap sa pagbuo ng mga pahayag o pangungusap?



## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Nasubukan mo na bang magluto nang hindi ginagabayan ng iyong magulang? Paano mo isinagawa ang mga hakbang sa pagluluto? Saan ka sumangguni upang malaman ang sunod-sunod na hakbang sa pagluluto? Kapag may nais kang malaman hinggil sa isang produkto, saan ka naman sasangguni? Tuklasin ang mga bagong kaalamang ito. Handa ka na ba?

Alam mo ba?

Ang **resipi** ay isang paraan, proseso o hakbang para sa maayos na pagluluto ng isang pagkain, ulam o putahe. Kalakip ng mga hakbang na ito ay ang mga sangkap (pati ang sukat) at kagamitang gagamitin sa pagluluto. Sa pagsulat ng patalastas o resipi, kailangang wasto ang gamit ng mga pahayag upang maging lubos ang pag-unawa ng mga mambabasa at maging wasto ang pagluluto nito.


Ang **patalastas o anunsiyo** ay isang paraan upang ipaalam sa mga tao ang isang produkto o serbisyo sa iba't ibang anyo ng komunikasyong pangmadla.

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Baitang 4-FILIPINO

---

**Pag-aralan ang mga larawan.**




https://www.facebook.com/ukgdos/photos/a.137399042939946/1821165844563249/




https://www.facebook.com/BIDASolusyon/photos/167937318309937

**Resipi at Patalastas o Anunsiyo**

## Mga Paraan sa Pagbuo ng Patalastas

1. Sikaping alamin kung anong uri ng mga tao ang tatangkilik sa produkto o serbisyo ng patalastas.
2. Isipin kung ano-ano ang mga mahahalagang detalyeng kailangang ilagay mo sa patalastas. (Sumasagot ba ito sa mga tanong na Sino, Ano, Saan, Kailan, Paano at Bakit?)
3. Suriin ang katangian ng produktong ipagbibili mo o serbisyong gagawan ng patalastas.
4. Isipin din ang kulay, mga *font* at estilong gagamitin sa pagbuo ng patalastas *online* man o *offline* na makatatawag pansin sa titingin.
5. Tiyaking kumpleto ang mga detalye at impormasyong nais ilahad sa patalastas at makatawag-pansin sa tagatangkilik.


## Mga Hakbang sa Pagsulat ng Simpleng Resipi

1. Ihanda ang mga sangkap na gagamitin sa pagluluto.
2. Isa-isahin ang mga hakbang o proseso kung paano ito gagawin.
3. Tiyaking naaayon sa wastong pagkakasunod-sunod ang mga hakbang upang maging masarap at matagumpay ang pagluluto.
4. Gumamit ng mga payak na pangungusap sa paglalahad ng mga hakbang.
5. Hindi kailangang maligoy ang mga pahayag.

## Gawain

**Gawain 1: E-LUTO MO!**

**Panuto**: Binigyan ka ng pagkakataong magluto sa birtwal ninyong klase kasama ang iyong magulang. Paano mo ilalahad ang mga hakbang ng napiling ulam o putahe? Isa-isahin ang hakbang at ilagay sa *cook book*.



**Mga sangkap:**



**Basahin ang teksto at tandaan ang mahahalagang detalye tungkol dito.**



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Mango_float,_a_Filipino

### Mga Hakbang sa Paggawa ng *Graham Mango Float*

Ni:Cristina B. Malto

Isang araw sa birtwal na klasrum… Masayang binati ng pangkat Mars ang kanilang gurong si Ginang Malto sa *chat box* ng *Google Meet*.

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

"Magandang umaga mga bata. Sa araw na ito, mapanonood ninyo ang isang *video* tungkol sa paggawa ng *Graham Mango Float*. Tandaan ang mahahalagang hakbang, ito ay gagamitin ninyo sa inyong unang gawain o *Performance Task* sa Filipino 4 at EPP 4. Maaaring maakses ang *video* sa *link* na ito: *https://panlasangpinoy.com/shared-recipe-jeans-graham-mango-float/*

Lahat ay nakatuon ang atensiyon sa bawat detalyeng ipinakikita ng sikat na *chef* na si Jean sa kaniyang Jean's *Graham Mango Float* sa *Youtube Channel*.

"Kumusta mga bata, natandaan ninyo ba ang mga hakbang ?"

"Opo!" Ang sabay-sabay na sagot sa *chatbox* ng mga bata.

"Sige nga, tingnan ko kung natandaan ang mga hakbang. Isulat ang "Me" sa chatbox ng gustong magbahagi ng sagot." Isa-isang tinawag ng guro ang mga batang nagsulat ng "Me" at nag-*click* ng "*raise hand*".

"Una, balatan ang mangga at hatiin ito sa maliliit na piraso," sagot ni Mayumi."

"Pangalawa, ilagay ang *Whip Cream* sa lalagyan. Haluin sa loob ng limang minuto gamit ang *mixer*," sagot naman ni Lakan.

"Kapag *creamy* na ang *whip cream*, ihalo ang gatas na kondensada. Iyan po ang pangatlong hakbang," sagot ni Magiting.

"Pang-apat, lagyan ng isang kutsaritang *vanilla flavor* ang pinaghalong gatas at *whip cream* at muli itong haluin," sagot naman ni Diwani.

"Panlima, lagyan ng pinaghalong *whip cream*, gatas, at *vanilla* ang *tray* at lagyan ng *graham cracker* at sundan ng mangga. Paulit-ulit itong lagyan hanggang maubos ang mangga at *whip cream*," sagot naman ni Tala.


"Ilagay po sa *refrigerator* at palamigin!" Pagwawakas na sambit ni Haraya. "Hmmm! Sarap po."

"Bigyan ng birtwal na palakpak ang mga batang nakapagbahagi ng mga hakbang. Alam ba ninyo mga bata na kapag magaling kayong gumawa ng mga panghimagas na tulad nito ay maaari kayong magnegosyo? Maaari kayong gumawa ng patalastas *online* upang makilala ito ng mga *netizen* at tangkilikin ang produktong ginawa ninyo."

"Paano po?" Ang tanong ulit ng mga bata.

"Iyan ang ituturo ko sa inyo, ang paggawa ng patalastas upang maibenta ninyo ang inyong nagawang *Graham Mango Float online*," masayang wika ng guro.

**Gawain 2**




**Panuto:** Isulat sa patlang ang mga hakbang sa paggawa ng *Graham Mango Float* batay sa binasang teksto.

**Gawain 3:** **UMALOHOKAN!**



**Sitwasyon:**


Magkakaroon ng Paligsahan sa Pagluluto sa barangay nina Mayumi. Naatasan siyang ipaalam ang mga impormasyon bilang lider ng mga kabataan sa kanilang lugar. Paano niya ilalahad ang mga impormasyon? Tulungan si Mayuming gumawa ng patalastas gamit ang sumusunod na mga detalye.

**Ano**: Pambarangay na Cook Fest
**Sino**: Mga may talento sa pagluluto
**Saan**: Barangay Hall
**Kailan**: Abril 5, 2021

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

| | |
|---|---|
| **Bakit**: | Magbigay Parangal sa Pinakamahusay na Chef ng Barangay |
| **Paano**: | Magpalista sa Lider ng Purok isang linggo bago ang paligsahan.<br>Ibigay ang menu o putaheng lulutuin.<br>Isa lamang ang kinatawan sa bawat purok (eliminasyon) |

**Isulat sa kahon ang patalastas.**



## Tandaan


Ang pagsulat ng simpleng resipi at patalastas ay mga kasanayang lumilinang sa mahusay at organisadong paghahanay ng mga kaisipan, impormasyon, at hakbang upang makabuo ng isang sulatin o teksto. Nalilinang din ang kasanayan sa pagsusunod-sunod ng mga hakbang at paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan.

# Pag-alam sa mga Natutuhan

**PA-*MINE* NA LANG!**

Isa kang *online seller* at nais mong makilala ng mga *netizen* ang ipinagbibili mong produkto o serbisyo. Lumikha ng isang patalastas tungkol dito. Gamitin ang pamantayan sa pagbuo at pagmamarka.

| Pamantayan | Mahusay na Mahusay | Mahusay | Kainaman |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng patalastas (kumpletong detalye) | 50 | 48 | 45 |
| Presentasyon (kulay, imahe, text,) | 20 | 18 | 15 |
| Pagkamalikhain (kakaiba at makatawag-pansin) | 20 | 18 | 15 |
| Panghihikayat (dating sa madla) | 10 | 9 | 7 |
| **Kabuuan** | **100** | **93** | **83** |



# Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Pagsunod-sunurin ang hakbang sa pagluluto ng pinakbet. Isulat ang nabuong resipi sa loob ng kahon.

Ilagay ang mga gulay at pakuluin hanggang maluto.

Ilagay at igisa ang bagoong sa loob ng dalawang minuto.

Ilagay ang karne at sangkutsahin hanggang sa maluto.

Ihain ang pinakbet kasama ang kanin habang mainit pa.

Igisa ang bawang at sibuyas sa mantika.

# Sanggunian

Santiago, Alfonso O. at Norma G. Tiangco. 2003. Makabagong Balarilang Filipino Binagong Edisyon. Rex Bookstore.Limbag.

https://doh.gov.ph/covid-19/infographics/mga-katanungan-tungkol-sa-covid-19
https://pixabay.com/vectors/cooking-ingredients-receipe-32089/
https://www.facebook.com/BIDASolusyon/photos/167937318309937
https://panlasangpinoy.com/shared-recipe-jeans-graham-mango-float/
https://www.youtube.com/watch?v=nimguh9iKG0
https://www.facebook.com/ukgdos/posts/ukgrecipe-of-the-day-adobong-manok-sa-kamatissangkap12-kilo-manok14-kilo-kamatis/2162143473798816/
https://www.facebook.com/ukgdos/photos/a.137399042939946/1821165844563249/
https://pixabay.com/vectors/horn-instrument-music-musical-2025310/
https://pixabay.com/vectors/cranium-head-human-people-persons-2028555/

**SUSI SA PAGWAWASTO**
**GAWAIN**
**Gawain 2**

1.Una, balatan ang mangga at hatiin ito sa maliliit na piraso
2. Pangalawa, ilagay ang Whip Cream sa lalagyan. Haluin sa loob ng 5 minuto gamit ang mixer
3. Kapag creamy na ang whip cream, ihalo ang gatas na kondensada.
4. Pang-apat, lagyan ng isang kutsaritang vanilla flavor ang pinaghalong gatas at whip cream at muli itong haluin.
5. Panlima, lagyan ng pinaghalong whip cream, gatas, at vanilla ang tray at lagyan ng graham cracker at sundan ng mangga. Paulit-ulit itong lagyan hanggang maubos ang mangga at whip cream.
6. Ilagay sa refrigerator at palamigin.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**
1. Igisa ang bawang at sibuyas
2. Ilagay ang karne at sangkutsahin.
3. Ilagay at igisa ang bagoong sa loob ng dalawang minute.
4. Ilagay ang mga gulay at pakuluin hanggang maluto.
5. Ihain ang pinakbet kasama ang kanin habang mainit pa.

**Rubrik sa Pagmamarka sa resipi**

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**